# KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2022-02
# PAGTATATAG SA JOINT ANALYSIS CENTER NG ESTADO AT ANG PANGAKO NITO NA PROTEKTAHAN ANG KRITIKAL NA IMPRASTRAKTURA AT ANG PANGUNAHING PINAGKUKUNAN

**SAPAGKAT**, ang napapanahong pagpapalitan ng mga kritikal na impormasyon sa mga lokal, pang-estado, pederal na ahensya at pribadong kasosyo ay nananatiling isa sa mga seryosong hamon na nakakaapekto sa seguridad ng bayan; at,

**SAPAGKAT**, ang mga cyber threats ay nagdudulot ng personal, propesyonal, at pinansyal na mga panganib sa mga mamamayan ng Illinois at nagbabanta sa seguridad at ekonomiya ng estado; at,

**SAPAGKAT**, ang mga sektor ng kritikal na imprastraktura at ng pangunahing pinagkukunan ay lubos na umaasa sa teknolohiya ng impormasyon na pamahalaan ang mga kumplikadong sistema kabilang ang mga linya ng pampublikong kagamitan, pangangalagang pangkalusugan, telekomunikasyon, transportasyon, mga serbisyong pinansyal, pagmamanupaktura, edukasyon, pananaliksik at kaligtasang pampubliko; at,

**SAPAGKAT**, ang proteksyon ng kritikal na imprastraktura at mga pangunahing pinagkukunan ay lampas sa maabot ng anumang solong entidad at nangangailangan ng isang maagap na pamamaraan; at,

**SAPAGKAT**, ang magkakaibang mga awtoridad, ang mga tungkulin at responsibilidad ng mga kritikal na imprastraktura at mga pangunahing pinagkukunan na mga stakeholder ay nangangailangan ng pagtutulungan sa publiko at pribado na naghihikayat ng pagkakaisa ng pagsisikap; at,

**SAPAGKAT**, sa Intelligence Reform and Terrorism Prevention Act ng 2004, ang Pangulo at Kongreso ng Estados Unidos ay nag-atas na ang isang Information Sharing Environment ay maitatag sa loob ng pamahalaang pederal, at sa pagitan ng mga entidad sa pederal, estado, lokal, at pribadong sektor, para sa maayos at tuluy-tuloy na pagpapalitan ng impormasyon ng seguridad sa bayan, impormasyon sa terorismo, at impormasyon sa pagpapatupad ng batas na may kaugnayan sa terorismo; at,

**SAPAGKAT**, noong Nobyembre 16, 2006, ang Pangulo ng Estados Unidos, sa pamamagitan ng Office of the Director of National Intelligence, ay nagsumite sa Kongreso ng isang plano ng pagpapatupad para sa paglikha ng isang Information Sharing Environment, na sa isang bahagi ay nananawagan para sa pagtatatag ng isang pinagsama-samang network ng mga fusion center ng estado at ng mga pangunahing lungsod; at,

**SAPAGKAT**, ang Illinois Department of Military Affairs, na itinaguyod ng Department of Homeland Security at sinusuportahan ng National Guard Bureau, ay maaaring mangasiwa bilang isang pamamaraan kung saan ang mga stakeholder ng Estado ay maaaring magsulong ng kanilang pakikipagsosyo, mapadali ang koordinadong pagbabahagi ng impormasyon at

paganahin ang pagpaplano at paghahanda para sa magkakaugnay na proteksyon sa imprastraktura na ang mga pagsisikap ay maisasama sa pangkalahatang estratehiya ng pederal sa pagtugon sa seguridad ng bayan; at,

**SAPAGKAT**, patakaran ng Estado ng Illinois na maghanda at, kung maaari, maiwasan ang mga sakuna kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga nagmumula sa mga teknolohikal na kadahilanan, upang mapangalagaan ang mga buhay at pag-aari ng mga tao sa Estado ng Illinois; at,

**SAPAGKAT**, upang maprotektahan ang seguridad at ekonomiya ng Estado, nararapat at kinakailangan para sa pamahalaan ng estado na magtatag ng isang magkasanib na pagsisikap na kinabibilangan ng mga stakeholder sa pamahalaan, pribadong sektor, militar, pananaliksik at akademiko upang mapahusay ang cybersecurity ng Illinois;

**SAMAKATWID**, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, sa pamamagitan ng bisa ng ehekutibong awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V ng Saligang Batas ng Estado ng Illinois, iniuutos ko ang mga sumusunod:

I. **Ang Pagtatatag sa Illinois Joint Analysis Center**

Ang Illinois Joint Analysis Center (IL-JAC) ay itatatag sa loob ng Department of Military Affairs. Ang IL-JAC ay dapat na buuin at pangasiwaan ayon sa itinakda ng batas ng estado at pederal. Sa ilalim ng awtoridad na ipinagkaloob ng Pederal na pamahalaan sa 32 CFR Subpart A, ang IL-JAC ay dapat ilagay sa loob ng isang sensitive compartmentalized information facility (SCIF), sa gayon ay nagpapahintulot sa IL-JAC na ma-access ang classified na impormasyon sa pagbabanta na nauukol sa Estado ng Illinois at makuha ang pinakamahusay na impormasyong magagamit upang mahulaan, maiwasan, at tumugon sa mga banta na kinakaharap ng mga mamamayan nito.

A. **Ang Layunin ng Illinois Joint Analysis Center**

Ang layunin ng Illinois Joint Analysis Center ay protektahan ang mga tao at pag-aari ng Illinois sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang multi-disciplinary na network ng pagbabahagi ng impormasyon na idinisenyo upang mangalap, magsuri, at magpakalat ng pagsusuri at impormasyon sa cyber sa mga pampubliko at pribadong stakeholder sa isang napapanahong paraan at naaayon sa mga pansariling karapatan ng ating mga mamamayan.

B. **Pamamahala sa Illinois Joint Analysis Center ng Department of Military Affairs**

Ang Adjutant General, bilang Pinuno ng Department of Military Affairs at sa tulong ng mga tauhan nito, ang mangangasiwa sa paggana ng IL-JAC. Ang mga pondong inilaan sa Department of Military Affairs para sa mga pangkalahatang layunin ay maaaring gamitin para sa mga operasyon ng IL-JAC. Ang Adjutant General, paminsan-minsan, ay sasangguni sa Advisor ng Homeland Security ng Estado ng Illinois at sa Direktor ng Illinois State Police tungkol sa mga usapin ng karaniwang interes sa mga tungkulin at operasyon ng IL-JAC. Ang lahat ng mga ahensya sa ilalim ng hurisdiksyon ng Gobernador ay magbibigay ng makatwirang tulong sa IL-JAC, kung hihilingin.

II. **Pangligtas na Sugnay**

Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang maaaring ipakahulugan upang salungatin ang anumang pederal at pang-Estadong batas o regulasyon. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang makakaapekto o makakapagpabago sa mga umiiral na kapangyarihang ayon sa batas ng alinmang ahensya ng Estado o maipakahulugan bilang muling pagtatalaga o muling pagsasaayos ng anumang ahensya ng Estado.

III. **Mga Naunang Kautusang Tagapagpaganap**

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa anumang salungat na probisyon ng anumang iba pang naunang Kautusang Tagapagpaganap. Ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-49 ay pinawalang-bisa.

IV. **Sugnay na Naghihiwalay**

Kung ang anumang bahagi ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay napatunayang hindi wasto ng isang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang mga natitirang probisyon ay mananatiling ipinapatupad at may bisa. Ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ihiwalay.

V. **Petsa ng Pagkabisa**

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa kaagad sa oras na maihain ito sa Kalihim ng Estado.

____________________

**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador Enero 10, 2022
Inihain ng Kalihim ng Estado Enero 10, 2022